CPMA 2017 - Tula para sa mga Bata - 3rd Prize
"Agam-agam ng Langgam"
By: Baloloy, Paterno B. Jr.

# Agam-agam ng Langgam

Mga Nilalaman:

Matanda na si Tandang
May Sumpa ang Butiki
Hiyaw ng Palaka sa Unang Araw ng Abril
Sa Puno ng Aratiles
Panalangin ng Tipaklong
Nabubulol na Kuhol
Agam-agam ng Langgam
Nang Maligaw ang Alitaptap sa Maynila
Sa Hardin ni Aling Ising
Pasiklab ng Insekto
Kuneho ni Pablo
Pangamba ni Muning

**Matanda na si Tandang**

Uugod-ugod,
Pausad-usad
Habang umaakyat ng bubungan.
Iuunat ang pakpak,
Papagaspas at pupugak-pugak
Sa pagtilaok
Si tandang.

Mahina na ang hiyaw
Ng dating sigang panabong.
Namaos na sa maraming
Panggigising sa mga tulog
At nakabaluktot
Sa banig.

Matanda na si tandang
Lipas na ang kinang
Ng mala-tuba
Nitong kulay.

Kasabay ng pagkupas
Ng mga larawan sa pader,
Ang agiw sa kisame,
Mga namuong angi
At di napaspas na alikabok.

Sa pagtagal ni tandang,
Pagtagal ng panahon
Natuto akong lumingon
Sa iminulat ng aming panabong.

**May Sumpa ang Butiki**

Walang nakaaalam
Kung bakit humahalik
Ang butiki
Sa lupa.

Walang kababalaghan,
Pagpupugay ito sa lupang
Paghihimlayan
Ng sakit at daing,
Mga butiking nananalangin.

Sa patuloy na pagpisig
Sa mga kamay
Ng makukulit na paslit,
Ipauubaya ang buntot
Ay tuluyang mapapatid:
Lupa ang sasalo
Sa dugo at hapis.

Kasabay ng pagtakas,
Paglabas ng sumpa
Sa batang lapastangan,
Kulugo mula sa katas
Ng butiking kumakaripas.

Sisibol ang kulugo,
Kasabay ng bagong buntot.

**Hiyaw ng Palaka sa Unang Araw ng Abril**

Sa unang araw ng Abril,
Humahangos na nagdeklara
Ang palaka: papaulanin ko ang langit
At pupunuin ang sapa,
Magsasawa ang lahat,
Pagkat ito ang piyesta.

Nagulantang ang lahat,
Lumabas ng lungga
Binasag ang mga banga,
Naglunoy sa lagaslas,
Nagbunyi sa paparating
Na biyaya.

Lahat naghintay,
Dila ay lupaypay
Wala pa ang biyaya
Marami na ang nakahandusay.

Umentrada uli ang palaka
At winika,
Kahit pala ang langit
Ay nagbibiro rin.
Hindi tutulo ang ulan
Sa unang araw ng Abril.

**Sa Puno ng Aratiles**

Mapupula at dasik
Ang nagpapakulay
Sa puno ng aratiles.

Tamis sa bawat sipsip,
May katas na aagos,
Parang mansanas
Sa musmos.

Kaya't sa pagsipat,
Ang paslit
Hangad na masungkit
Ang bilog na nang-aakit.

Kung sa pagtingala
Ay pagsungkit,
Walang kalaban
Kahit ang pipit.

Hihintayin ang pagpula,
Paghinog ng aratiles.

**Panalangin ng Tipaklong**

Sa pagmulat ng mata,
Laging hangad
Wag mawala ang bisa
Ng paglundag.
Ito lang ang puhunan
Sa bitukang
Walang laman.
Isang dipa o isang dangkal
Ay di sapat
Sa batang sumisipat.
Aking pasasalamat,
Kung maghapon
Ay di aabutin ng malas,
Kahit ilang ikot at lundag
Wag lang mahuli,
Tiyak may pagsasaluhan
Sa hapag.
Aking panalangin,
Sana'y wag magtapos
Sa hangin,
Puhunang listo,
Wag sanang mabisto. Amen.

**Nabubulol na Kuhol**

Gumapang man o hindi,
Peste ang hatid na wari.
Hindi naman nananalanta
Ngunit may kakabit na banta.

Laging pinag-iinitan,
Kinamumuhian
Pain ang kinalalabasan.

Marami raw ang tumakas,
Sa pilapil ay lumabas.
Lahat ay natakot,
Kuhol daw ay matinding salot.

Kasalanan ito ng kuhol,
Kumakalat at nabubulol.

Kaya't nagpalabas ng kautusan:
Kuhol na pakalat-kalat
Dakpin agad,
Kung pumalag:
Isang pisak ang igawad.

**Agam-agam ng Langgam**

Balisa sa pagkaykay
Ang mga langgam.
Banaag sa kanila
Ang takot,
Kahit dis-oras
Ay nagkukutkot
Matawid lang
Ang silid
Na magkukupkop.

Lumalamig na ang simoy,
Dumarampi sa kanila
Ang hamog.
Minamadali na ang hukay
Upang maisuksok:
Mga naipon
Sa maghapong
Pagpapagod.

Ganito ang hanay
Ng mga langgam
Sa pagsapit ng tag-ulan,
Mas silag
Ang pagkakaisa,
Hindi ang pang-iisa.

**Nang Maligaw ang Alitaptap sa Maynila**

Hinahangaan si alitaptap
Sa ilaw na kumukurap.
Siya'y sikat
Kung  dumapo
Sa puno ng dayap.

Minsang naligaw,
Alitaptap ay napadpad
Sa Maynila ay napayad.

Namangha siya
Sa dami ng kumukutitap,
Mas maganda ang kinang
Nang-aakit ang kislap.

Nabighani si alitaptap,
Umindak sa saliw
Ng kisap.

Nang mapagod,
Lungkot ang bumalot
Sa pakpak na nangangatog:
Wala ang puno ng dayap
Sa gitna ng mga kislap.

**Sa Hardin ni Aling Ising**

May lilim ang dahon,
Malambot ang mga damo
Nanunuot sa talampakan,
Kumikiliti sa isipan
Ang gustong tumambay
Sa hardin ni Aling Ising

Punumpuno ng tanim,
Lahat maaaring itanim,
Kahit puso at pag-asa
Tiyak iyong aanihin,
Maglaan lamang
Ng oras at panalangin:
Uusbong sa puno
Ng saging.

Maaari ring maghabilin
Ng mga pangako,
Bubusugin ng pataba
Upang di humupa.
Pipitasin sa puno
Ng mangga,
At ihahain na parang
Papaya.

Sa hardin
Ni Aling Ising
May lugar
Ang bawat hiling,
Pinagpapaguran
Ang pagtatanim.

**Pasiklab ng Insekto**

Nang gumulong si tipaklong,
Nagkandirit si pagong,
Sumipol ang daga,
Nagbarbel ang palaka,
Tumula ang mga dikya,
Nakinig ang mga anay,
Nagpasikat ang langgam.
Sumisid ang unggoy
At pumalakpak ang tilapia.
Hindi makapaniwala
Mga talangka,
Nalusutan sila
Ng mga linta:
Pumuslit kasama
Ang kulilis,
Sa pasilyo'y dumikit.
Walang naging hadlang:
Sumirko ang kuhol,
Habang nasa ere
Nagbalik ang gunita,
Nalimutan ang bahay
Na nakasangla.

**Kuneho ni Pablo**

Lumulundag,
Ayaw paawat
Ang kuneho ni Pablo.
Inaabot ang hanggahan,
Hangganan ng kangkong.
Walang bisa ang ngipin
Sa pag-abot ng dahon,
Kahit ang tenga
Ay walang pandinig
Sa hinaing ng paslit,
Sa kunehong lumakdang,
Tinawid ang sapa
Puno ng awa.

**Pangamba ni Muning**

Kahit si Muning
Ay humihiling din,
Kaunting alwan
Sa sikmurang
Walang laman.
Nahihiya mang himurin,
Tinik na itinira
Sa pinggang kulang sa pansin.
Kabado si Muning
Pagsunggab sa hain,
Mapupunan ba
Ang pag-aalsa ng lalamunan
Sa iisang tingin?
Kung matinik ang kuting,
May suhi bang darating?